REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-115**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG PUNONG BAYAN NG BAYAN NG PATEROS, KALAKHANG MAYNILA NA SI KGG. CESAR M. BORJA.**

+ + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + +

SAPAGKAT, bilang Punong Bayan ng Bayan ng Pateros ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Bayan upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng Kgg. Cesar M. Borja ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kungdi na rin sa buong Bayan ng Pateros;

SAPAGKAT, ang Kgg. Cesar M. Borja tulad ng isang ama ng tahanan ay naging haligi ng bayan na dapat tingalain ng mga namumuno sa bayan sa kanyang magandang pagsubaybay sa ikabubuti at ikauunlad ng bayan;

SAPAGKAT, bilang mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ay minsan pa nating ipadama at ipakilala ang ating marubdob na pag-alala at pagmamahal sa yumaong Punong Bayan, kaibigan at ama ng Bayan ng Pateros.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay taospusong nakikiramay sa mga naulila at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng buong kapulungan na mag-alay ng bulaklak sa yumao at samahan ang pamilya ng naulila sa paghahatid sa huling hantungan ng yumaong Punong Bayan ng Pateros, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang pitumpu't dalawang (72nd) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong Lunes, Septiyembre 4, 1989.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

Kgg. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan